UTANG

Soulstice

Napakadali na magpautang pero napakahirap na maningil kapagka bayaran na (wo ah)
Magpo-post sa Facebook ng mga bagong bili na gamit pero ang totoo naman no'n baon siya
Bayad-bayad din kasi 'pag may time
'Wag yung puro kain 'di ka naman big time
At isipin mo din kalagayan ng iyong pinag-utangan
Kaya bayad-bayad din 'pag may time

O anong petsa na kaylan ka kaya magbabayad
Ba't binubukas-bukas mo lang ako
Ano ba talaga ang sabi mo noong akinse
Gusto mo yata yung utang mo libre
'Di naman pwede 'yon ang tagal-tagal ko na ring nag-aantay
Na mahawakan yung pinautang ko ng aking mga kamay
Sabi mo kasi na hindi tatagal 'yong salapi
Maibabalik mo din sa tamang panahon kaya 'di ako humindi
Kain nang kain bili nang bili ng mga bagong gamit
Ta's 'pag singilan sila pa yung may mga ganang magalit
'Di na makita 'yung pagmumukha ang bilis magsilapit
Tapos ako pa yung 'di maari basta makalapit

Napakadali na magpautang pero napakahirap na maningil kapagka bayaran na (wo ah)
Magpo-post sa Facebook ng mga bagong bili na gamit pero ang totoo naman no'n baon siya
Bayad-bayad din kasi 'pag may time
'Wag yung puro kain 'di ka naman big time
At isipin mo din kalagayan ng iyong pinag-utangan
Kaya bayad-bayad din 'pag may time

Ang galing mo ngang magtago 'pag naniningil na
'Di na rin makontak yung dati mong numero
Wala na rin akong natatanggap miski balita
'Di ko na alam ano bang nangyari sa 'yo
(Kaya, kaya)
'Wag na ako ang 'yong utangan
Lalo na't hindi mo 'ko kayang bayaran
Sa mismong araw na sinabi mo na babayaran mo ako
Sana all may pambili ng bagong mga gamit
Sana all sobrang taba ng pera sa may wallet
Sana all nababayaran na ang utang
Kaso mukha ngang kinalimutan

Napakadali na magpautang pero napakahirap na maningil kapagka bayaran na (wo ah)
Magpo-post sa Facebook ng mga bagong bili na gamit pero ang totoo naman no'n baon siya
Bayad-bayad din kasi 'pag may time
'Wag yung puro kain 'di ka naman big time
At isipin mo din kalagayan ng iyong pinag-utangan
Kaya bayad-bayad din 'pag may time

Kamusta na nga pala ang mga nangako
Sa mata ko biglang naglaho
Ni wala man lang pasintabi sila kung sabagay ganyan ang ugali 'pag napakabaho

Sabi mo 'di mo sisirain ang pagkakaibigan natin
Pero nung siningil ka para bang ako pa yung may kasalanan sa 'tin
Masyado ka naman atat 'di naman kita tatakbuhan
Basta 'pag meron na alam mo 'yan at pangako lagi mo 'yan tatandaan
Ikaw pa mismo ang pupuntahan at kahit kailan 'di ko kakalimutan 'yan
Para ka naman iba nyan babayaran ka rin gagawan ko 'yan ng paraan
'Yan ang palagi na lang dahilan ng mga ibang tao
Na hindi sanay kapag 'di nanloloko palibhasa 'di magawang magtrabaho
Kung 'di mo kayang tumupad sa usapan ay 'wag ka na lamang mang-aagrabyado
Sapagkat mas mahalaga ang tiwala't mas maganda kapag ika'y makatao

Napakadali na magpautang pero napakahirap na maningil kapagka bayaran na (wo ah)
Magpo-post sa Facebook ng mga bagong bili na gamit pero ang totoo naman no'n baon siya
Bayad-bayad din kasi 'pag may time
'Wag yung puro kain 'di ka naman big time
At isipin mo din kalagayan ng iyong pinag-utangan
Kaya bayad-bayad din 'pag may time

Napakadali na magpautang pero napakahirap na maningil kapagka bayaran na (wo ah)
Magpo-post sa Facebook ng mga bagong bili na gamit pero ang totoo naman no'n baon siya
Bayad-bayad din kasi 'pag may time
'Wag yung puro kain 'di ka naman big time
At isipin mo din kalagayan ng iyong pinag-utangan
Kaya bayad-bayad din 'pag may time

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!